# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 22, 2023, MIYERKULES, IKA-3:15 NG HAPON, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

RELEASED NAME DATE 12/06/23 TIME

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo ng SK Pederasyon |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 06 DEC 2023

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad – nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 392-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN NG PAGLILIPAT NG PONDO MULA SA DONATIONS (P7,000,000.00) PATUNGO SA REPRESENTATION EXPENSES (P3,500,000.00) AT OTHER MAINTENANCE AND OPERATING EXPENSES (P3,500,000.00) NG TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Edgar San Luis sa sangguniang ito na makapaglipat ng pondo na nasasaad sa itaas nito dahilan sa mahigpit na pangangailangan, kaya't may kahilingan din na makapagdaos ng "Special Session" para rito;

**SAPAGKAT**, ang kabuuang halagang P7,000,000.00 na kasama sa pinagtibay na Taunang Badyet 2023 ay inilaan para sa mga Barangay Development Projects subalit walang barangay na nagsumite ng kanilang proyekto;

**SAPAGKAT,** sa isinagawang pagtalakay ng sangguniang ito sa naturang kahilingan, binigyang-linaw na ang paglilipat ng pondo ay bilang paghahanda para sa mga gawain ng pamahalaang bayan, kabilang dito ang Annual General Assembly ng mga kawani, at sa iba pang biglaang pagkakagastusan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Alan T. Pamatmat, at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan ng paglilipat ng pondo mula sa Donations (P7,000,000.00) patungo sa Representation Expenses (P3,500,000.00) at Other Maintenance and Operating Expenses (P3,500,000.00) ng Tanggapan ng Punong Bayan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 22, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 12/5/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

KGG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KGG. ESMERALDO C. DELAS ARMAS, JR.
Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN
Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW
ABC Federation President

KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO
Pangulo na SK Pederasyon

R20423347